# Mga Pagtasa ng Mataas na Paaralan ng Maryland at *ang Iyong Anak*



Noong Hunyo, ang Lupon ng Edukasyon ng Estado ay nagpasiya, na simula sa klase eng 2009, lahat ng estudyante ng Maryland ay dapat pumasa sa Mga Pagtasa ng Mataas na Paaralan (High School Assessments) para makapagtapos. Ang mga katanungan at sagot dito at sa kasunod na ilang pahina ay nagpapaliwanag ng programang pagsubok at kung paano ito makakaapekto sa iyong anak. Kung hindi mo matagpuan ang mga sagot sa iyong mga katanungan dito, humingi ng tulong sa guro o punong-guro ng iyong anak. Ang Web page ng Kagawaran ng Edukasyon ng Maryland—www.MarylandPublicSchools.org—ay isa ring mahusay na mapagkukunan ng impormasyon.

## Ano ang Mga Pagtasa ng Mataas na Paaralan ng Maryland?

Ang Mga Pagtasa ng Mataas na Paaralan, o HSA, ay apat na iksamen-isa sa bawat isa ng Ingles 10, algebra/pagsusuri ng datos, biyolohiya, at pamahalaan. Ang iyong anak ay kukuha ng bawat iksamen sa pagkumpleto niya ng kurso. Ang mga iksamen ay nagtataglay pareho ng maraming-mapipili at nakasulat-na-sagot na mga katanungan.

Dahil ang HSA ay hindi sumusubok sa lahat ng natutuhan ng iyong anak sa isang kurso, dapat kang makipag-ugnayan sa mga guro ng iyong anak para sa impormasyon tungkol sa kumpletong nilalaman ng kurso.

## Saan ako makakakuha ng mga halimbawang katanungan sa iksamen?

Taun-taon, ang Kagawaran ng Edukasyon ng Maryland ay nagpapalabas ng isang pagtasa kada asignatura sa publiko. Upang suriin ang mga iksameng ito, o upang kumuha nito online, bisitahin ang www.MarylandPublicSchools.org. Klikan ang Iksamen/Pagtasa ng Mataas na Paaralan/Mga Aytem sa Iksamen ng HSA [Testing/High School Assessment/HSA Test Items.] (Ang mga pagtasa sa Ingles 10 ay dapat ipaskil sa taglagas ng 2005.)

*Ipinagpapatuloy sa kasunod na pahina*

*www.MarylandPublicSchools.org*



**buksan**

ang balitang-liham na ito para sa isang paskil na nagpapakita ng mga kinakailangan sa pagtatapos sa mataas na paaralan ng Maryland.



Maryland State Department of Education
Achievement Matters Most



## Kailangang bang pumasa sa HSA ang aking anak para makapagtapos?

Ang sagot sa katanungang ito ay depende sa kung kailan magtatapos ang iyong anak.

### Mga estudyanteng magtatapos bago ang taong 2009

Hindi. Ang mga estudyanteng magtatapos sa mataas na paaralan bago ang taong 2009 ay hindi kailangang pumasa sa HSA para makapagtapos. Gayunman, sila ay kinakailangang kumuha ng mga iksamen, at ang kanilang mga puntos ay iuulat sa kanilang mga transcript para sa mataas na paaralan upang matulungan ang mga tagapag-empleyo at opisyal ng kolehiyo na makagawa ng mga desisyon ukol sa pagkuha at pagtanggap.

### Mga estudyanteng magtatapos sa o pagkaraan ng 2009

Oo. Ang mga estudyanteng magtatapos sa mataas na paaralan sa o pagkaraan ng taong 2009 ay kailangang pumasa sa HSA para makapagtapos. May ilang paraan para magawa ito:

- Ipasa ang lahat ng apat na HSA. Ang mga pasadong puntos ay: algebra/pagsusuri ng datos, 412; pamahalaan, 394; at biolohiya, 400. Ang pasadong puntos sa Ingles 10 ay itatakda sa taglagas ng 2005.

O

- Ang bawat pasadong puntos sa inaprubahan-ng-estado na mga panghaliling iksamen ay pumapalit sa isa o higit sa mga puntos na ito para sa mga pasadong puntos sa HSA. Ang estado ay pipili pa ng matatanggap na mga panghaliling iksamen, pero kabilang sa maaari ay ang mga iksameng Mataas na Paglalagay (Advanced Placement) at Pandaigdig na Batsilyer (International Baccalaureate).

O

- Kumuha ng pinakamababang puntos sa bawat iksamen at magkaroon ng pinagsamang puntos na kapantay ng kabuuan ng apat ng pasadong puntos sa HSA. Ang Lupon ng Edukasyon ng Estado ay hindi pa nakakapagtatag ng mga pinakamababang puntos, pero ang mga ito ay magiging mas mababa sa mga pasadong puntos. Ang pinagsamang-puntos na mapipiling ito ay nagpapahintulot sa iyong anak na balansehin ang mas mababang pagganap sa isang iksamen ng mas mataas na pagganap sa iba.

Lahat ng estudyante—ang mga magtatapos bago at pagkaraan ng taong 2009—ay dapat makatugon sa mga inaatas ng estado para sa kredito, serbisyo-pag-aaral, at pagdalo **gayon din sa lahat ng iniaatas na ipinataw ng inyong distrito ng paaralan**. Buksan ang balitang-liham na ito para sa isang paskil na nagsasabuod ng mga kinakailangan sa pagtatapos ng mataas na paaralan ng Maryland.

## Ang aking anak ay nasa panggitnang paaralan, pero kumukuha ngayon ng algebra. Kailangang bang pumasa sa HSA ang aking anak para makapagtapos?

Oo. Kinukuha ng mga estudyante ang bawat HSA pagkatapos makumpleto ang bawat kurso. Kung ang iyong anak ay nasa panggitnang paaralan pero kumukuha ng kurso sa antas ng mataas na paaralan—ito ay pinakamadalas na nangyayari sa algebra—siya ay kailangang pumasa sa angkop na HSA para makapagtapos. Mas maagang kumuha ng HSA ang isang estudyante, mas maraming pagkakataon na makakapasa siya dito.

## Ang aking anak ay kinakailangan bang pumasa sa Mga Iksamen ng Pagganap ng Maryland (Maryland Functional Tests)?

Hindi. Ang HSA ay pumalit sa Mga Iksamen ng Pagganap ng Maryland. Ang huling grupo ng mga estudyanteng kinakailangang pumasa sa Mga Iksamen ng Pagganap ay ang magtatapos na klase ng 2004. Gayunman, ang Mga Iksamen ng Pagganap ay madalas na ibinibigay sa mga estudyante sa panggitnang paaralan, kaya ang iyong anak ay maaaring nakakuha na ng isa o higit bago pinutol ang mga ito.

# Ang estado ay bumubuo ng mga pagsasanay na iksamen at mga kurso online.

Ang Mga Iksamen ng Pagganap ay nilikha noong mga taon ng 1980 upang sukatin ang mga basikong kasanayan. Pero malinaw na ang tagumpay sa buhay ay nangangailangan ng higit pa sa kadalubhasaan sa mga basikong kasanayan. Ang mga kolehiyo at mga tagapag-empleyo ay umaasa na ang mga estudyante ay mas maraming nalalaman at makagagawa ng higit pa sa dati. Ang mga pampublikong paaralan ay kailangang maghanda sa mga magtatapos para sa mga mas mataas na inaasahan, at ang HSA ay isang mahalagang bahagi ng paghahandang ito.

## Kailan ko makikita ang mga puntos ng aking anak?

Humigit-kumulang na siyam na linggo pagkaraang ibigay ang iksamen, ang estado ay magpapadala ng lahat ng puntos ng mga estudyante sa kanilang distrito ng paaralan. Ang distrito ng paaralan ay siya namang magpapadala ng mga puntos sa mga magulang.

## Paano ko ihahanda ang aking anak sa HSA?

Ang kaparehong mga aktibidad na nagpapabuti ng mga marka at puntos sa mga regular na iksamen sa paaralan—pagkumpleto ng gawain ng kurso at araling-bahay, paglahok sa klase, masikap na pag-aaral—ay makakatulong sa mga estudyante sa HSA. Ang mga sumusunod ay ilan sa ibang mga paraan na makakapaghanda ang mga estudyante para sa HSA.

### Pag-ukulan ng atensiyon ang mga kasanayan sa pag-oorganisa at pag-aaral.

Ang HSA ay sumasakop sa nilalaman mula sa buong kurso, kaya dapat organisahin ng mga estudyante ang lahat ng kanilang mga tala para sa taon at pagbalik-aralan ang materyal na sakop ng bawat yunit.

### Gamitin ang mga kasanayan sa pagsusulat.

Mga bahagi ng HSA na nangangailangan ng nakasulat na sagot. At, anuman ang mga plano ng estudyante pagkaraan ng pagtatapos, kailangan nilang malaman kung paano mahusay na magsusulat.

### Maingat na pamahalaan ang oras.

Ang isang pag-aaral ay nagpakita na ang mahusay na kasanayan sa pamamahala ng oras ay nakakahula ng mabubuting marka sa kolehiyo nang mas mahusay sa mga puntos ng SAT.

### Seryosong kumuha ng Pagtasa ng Paaralan ng Maryland.

Ang Pagtasa ng Paaralan ng Maryland, ibinibigay sa mga grado 3–8 at grado 10, ay mahusay na pagsasanay para sa HSA.

## Paano kung ang aking anak ay hindi nakapasa sa isa o higit na mga iksamen?

Kung ang iyong anak ay hindi pumasa sa HSA, makipag-ugnayan sa kanyang guro, na magpapaliwanag kung paaano makakatanggap ang iyong anak ng dagdag ng tulong sa asignaturang iyon. Kapag ang iyong anak ay nakapagbalik-aral na at nakatanggap ng karagdagang tulong, maaari niyang muling kunin ang iksamen sa susunod na panahon na ibigay ito. (Ang mga estudyanteng kailangang muling kumuha ng mga iksamen ay magagawa ito tatlong beses sa isang taon—sa Enero, Mayo, at tag-init.)

Ang estado ay bumubuo ng mga pagsasanay ng iksamen na magagamit ng mga distrito ng paaralan upang makilala ang mga estudyanteng nangangailangan ng tulong. Sa gayon ay makakapagkaloob ang mga

*Ipinagpapatuloy sa kasunod na pahina*



**Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga Mga Pagtasa ng Mataas na Paaralan ng Maryland**

**www.MarylandPublicSchools.org**

Mula sa menu sa Iksamen (Testing) sa itaas ng pahina, piliin ang Pagtasa ng Mataas na Paaralan (High School Assessment).

distrito ng tulong na iyon sa mga estudyante-bago sila bumagsak sa isang HSA. Ang estado ay bumubuo ng mga online na kurso na makakatulong sa ihanda ang mga estudyante para sa mga iksamen. Ang mga kursong ito ay malamang na makuha bago lumampas ang Setyembre 2005.

### Paano kung ang aking anak ay lumiban sa panahon ng iksamen?

Ang mga estudyanteng lumiban sa regular na iksamen ng HSA ay maaaring kunin ang iksamen sa isa sa mga nakatakdang araw ng pagpuno. (Sasabihin ng guro o punong-guro ng iyong anak kung kailan ang mga ito.) Maliban kung ang iyong anak ay maysakit, dapat niyang gawin ang makakaya upang pumunta sa paaralan sa panahon ng iksamen.

### Ang mga estudyante bang may mga kapansanan ay kailangang pumasa sa HSA para makapagtapos?

Simula sa mga klase ng 2009, lahat ng estudyante—kabilang ang mga estudyante sa espesyal na edukasyon—ay dapat pumasa sa HSA upang makapagtapos na may diploma. Sa panahong ito, walang mga alternatibong iksamen sa pagtatapos para sa mga estudyanteng may mga kapansanan. Gayunman, sa taglagas na ito, ang isang puwersang tagakilos ay magsisimulang mag-aral kung paano magkakaloob ang estado ng mga alternatibong pagtasa para sa mga estudyanteng nahihirapan sa mga tradisyunal na iksamen. Ang mga alternatibong pagtasa ay sasakop sa mga nilalamang katulad ng nasa HSA, pero partikular na makakatulong sa mga estudyanteng may mga kapansanan. Ang mga rekomendasyon ng puwersang tagakilos ay ilalabas bago lumampas ang taglagas ng 2007.

Maraming estudyante ng espesyal na edukasyon na may Programang Edukasyong Ibinabagay (Individualized Education Program [IEP]) na nagdodokumento ng kanilang pangangailangan na magkaroon ng mga kaluwagan sa panahon ng pagtuturo at iksamen. Ang Kagawaran ng Edukasyon ng Maryland ay naglalathala ng isang manwal upang tulungan ang mga edukador na gumawa ng mga desisyon tungkol sa mga kaluwagan sa mga iksamen ng estado. Ang manwal, *Mga Kinakailangan Para sa Pagbibigay ng Kaluwagan, Pahintulot, at Eksempsiyon sa mga Estudyante sa mga Programang Pagtasa ng Maryland (Requirements for Accommodating, Excusing, and Exempting Students in Maryland Assessment Programs)*, ay nasa Web sa www.MarylandPublicSchools.org. (Klikan ang Mga Dibisyon/Espesyal na Edukasyon at Maagang Pamamagitan/Mga Publikasyon at Ulat [Divisions/Special Education and Early Intervention/Publications and Reports.]) Ang guro o punong-guro ng iyong anak ay makakapagsabi rin sa iyo kung ano ang mga kaluwagang ipinahihintulot sa mga iksamen ng estado.

Ang isang maliit na bilang ng mga estudyante na may malulubhang kapansanan ay maaaring tumanggap ng isang Sertipiko ng Pagkumpleto ng Programa sa halip ng isang diploma. Ang Sertipiko ng Pagkumpleto ng Programa ay maraming taon nang nakukuha ng mga estudyanteng may kapansanan at hindi isang resulta ng mga huling pagbabago sa patakaran sa pagtatapos sa mataas ng paaralan ng Maryland.

Kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa iyong anak at sa kanyang programa ng pag-aaral, makipag-ugnayan sa guro ng iyong anak o sa pangkat ng IEP. ■


## Mga Pagtasa ng Mataas na Paaralan ng Maryland at *ang Iyong Anak*

**Opisina ng Akademikong Patakaran**



Ronald A. Peiffer
Diputadong Superintendente ng Estadoo

Edward L. Root
Presidente, Lupon ng Edukasyon ng Estado

Nancy S. Grasmick
Kalihim-Ingat-yaman ng Lupon,
Superintendente ng mga Paaralan ng Estados

Robert L. Ehrlich, Jr., Gobernador



Maryland State Department of Education • 200 West Baltimore Street • Baltimore, Maryland 21201-2595,
Tel: 410.767.0600 o 888.246.0016 • TTY/TDD: 410.333.3045 • Fax: 410.333.2275 • www.MarylandPublicSchools.org